# Tumanggap ng Suporta na may mga Tanong sa Espesyal na Edukasyon

## Panimula

Pananagutan ng IEP team ang paggawa ng maraming mahahalagang desisyong nauugnay sa edukasyon ng mga mag-aaral na nakakaranas ng kapansanan. Sa karamihan ng kaso, matagumapay nakakagawa ang mga team na ito ng pinagkasunduang Programang Pang-indibidwal na Edukasyon (Individualized Education Program, IEP) na dahilan kaya nakakatanggap ang mag-aaral ng libreng angkop na pampublikong edukasyon (free appropriate public education, FAFE).

Gayunman, may mga panahon na hindi sumasapit ang mga team sa pagkakasundo at bumabangon ang pagtatalo. Pinasisigla ng ODE ang mga magulang at tagapagturo na magtulungan sa paglutas ng mga alalahaning nauugnay sa programang espesyal na edukasyon ng isang mag-aaral, ngunit dapat maunawaan na may mga panahon na kailangan ng karagdagang suporta. Ang ODE ay nag-aalok ng maraming pagpipilian sa pagtulong sa mga magulang at distrito ng paaralan sa pag-navigate ng mga di-pagkakaunawaan na nauugnay sa espesyal na edukasyon. May mga espesyalista rin ang ODE na nakaatas sa bawat distrito ng paaralan na available para tulungan kang maunawaan ang iyong mga karapatan at ang mga prosesong ito kung kailangan mo ng tulong sa pag-navigate ng iyong mga opsyon.

## Pagkuha ng Tulong

**1. Makipag-usap sa Guro ng Iyong Anak**
Bagaman bawat distrito ng paaralan sa Oregon ay may sariling natatanging konteksto, sa pangkalahatan, dapat munang makipag-usap ang mga magulang at miyembro ng pamilya sa guro ng iyong anak bago makatanggap ng tulong. Kadalasan na, ang guro ng bata ang pinakakwalipikado na lumutas ng mga alalahaning bumabangon.

**2. Makipagtulungan sa Case Manager**
Marami sa mag-aaral na nakakatanggap ng mga serbisyong espesyal na edukasyon ay mayroon ding case manager na iniatas ng kanilang paaralan. Ang taong ito ang kadalasang guro sa espesyal na edukasyon ng bata. Pananagutan ng case manager na gawin ang IEP process kasama ng mga IEP team para sa kanilang mga mag-aaral. Kung hindi malutas ng guro sa silid-aralan ng iyong anak ang mga alalahanin mo, posibleng makatulong ang case manager ng espesyal na edukasyon.

**3. Paglutas ng Problema sa  Administrasyon ng Paaralan**
Karaniwan nang may mga administrator ang mga paaralan (hal., mga prinsipal, bise- prinsipal) na siyang may pananagutan sa pagtiyak sa epektibong araw-araw na pagpapatakbo ng paaralan. Sa mga kaso kung kailan hindi malutas ng mga guro ang mga alalahanin ng pamilya, kadalasang makakatulong ang pamunuan ng paaralan.

**4. Humanap ng Suporta mula sa Tanggapan ng Distrito**
Kung hindi malutas ng mga kawani ng paaralan ang iyong mga alalahanin, karaniwan nang may isa pang antas ng pangangasiwa sa distrito sa punong tanggapan. Kapwa ang tanggapan ng espesyal na edukasyon, na maaaring tawaging mga serbisyo sa mag-aaral o isa pang katulad na pangalan, at ang tanggapan ng superintendent ng iyong lokal na distrito ng paaralan ang kadalasang makakatulong sa iyo sa paglutas ng iyong mga alalahanin kapag hindi ito kaya ng kawani ng paaralan.

**5. Makipagtulungan sa Parent Training and Information Center ng Oregon**
Nagpapanatili ang Oregon ng Parent Training and Information Center (PTI) sa pamamagitan ng FACT Oregon. Naglalaan ang FACT Oregon ng suporta ng kasama, mga pagsasanay, at mga mapagkukunan upang lubusang may kakayahan ang mga pamilya, na magbago ang pagtingin nila sa kapansanan, at tulungan sila na magkaroon ng mataas na mga inaasahan at mangarap ng mataas para sa kanilang mga anak. Naglalaan ang kawani mula sa FACT Oregon ng suporta sa mga pamilya sa pag-navigate sa kapansanan at sa espesyal na edukasyon. Nagpapanatili ang PTI ng Oregon ng maraming paraan para makatanggap ng suporta ang mga magulang at pamilya, kasama na ang pagtawag o pag-text sa 503-786-6082 or 541-695-5416, pag-email sa support@factoregon.org, pag-iskedyul ng tawag sa pamamagitan ng kanilang website.

**6. Makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Enhancing Student Opportunities sa Kagawaran ng Edukasyon ng Oregon**
Pakisuyo rin na huwag mag-atubiling lumapit sa kawani sa Tanggapan ng Enhancing Student Opportunities upang makatanggap ng suporta. Pwede mo kaming kontakin sa pamamagitan ng pag-email sa ode.specialeducationquestions@ode.oregon.gov o sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono sa 503-947-5600. Mangyaring tiyakin na isama ang distrito ng paaralan ng iyong anak upang matulungan kaming ikonekta ka sa naangkop na miyembro ng kawani. Bilang panghalili, pwede ka ring magsumite ng kahilingan para sa tulong mula sa ODE dito.

## Higit pang Impormasyon

Available sa Procedural Safeguards ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga karapatan ng magulang ng mag-aaral na nakakaranas ng kapansanan.

Available sa Dispute Resolution site ng ODE ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagpipilian sa paglutas ng pagtatalo.